LONG BEACH HEALTH & HUMAN SERVICES

Protocol para sa Pasilidad ng mga Grocery: Appendix L

Mga Huling Pagbabago simula 3/12/21:

- Limitasyon sa kapasidad ng mga standa alone na pasilidad ng grocery ay tinanggal. Ang kapasidad ay maaaring ibalik ayon sa nakapaskil na occupancy na nadetermina ng Fire Department.

Ang protokol na ito ay kokompletohin ng mga standalone na pasilidad ng grocery, kasama dito ang tindahan ng grocery, maliliit na tindahan (convenient stores) at iba pang establesimiento na nagtitinda ng de lata, dry goods, sariwang prutas at gulay, karne, isda at poultry. Ang mga tagubilin sa ibaba ay angkop sa lahat ng pasilidad ng grocery. Kargadagan sa mga kondisyon na ipinatong ng State Health Officer, na makikita sa https://covid19.ca.gov/industry-guidance/,para sa mga pasilidad ng grocery, dapat silang sumunod sa mga Protokol ng Pasilidad ng Grocery. Itong protokol na ito ay dapat maimplementa at ipaskil sa pasilidad.

Itong protocol na ito ay hindi angkop sa mga tindahan na nagtitinda ng mga grocery (produkto ng mga pagkain at inumin) kasama pa ang mga goods para sa publiko; mga nasabing establisimyento ay dapat patakbuhin alinsunod sa Retail In-Person Shopping Protocols (Appendix B).

Paki tala: Itong dokumentong ito ay ito ay maaaring mabago sa paglabas ng mga karagdagang impormasyon at resources kaya seguradohing palaging subaybayan ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa anumang pagbabago sa dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

(1) Mga patakaran at pagsasagawa sa lugar ng trabaho para maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
(2) Mga hakbang para maseguro sa physical distancing
(3) Mga hakbang para maseguro ang pagkontrola ng impeksyon
(4) Komunikasyon sa mga empleyado at sa publiko
(5) Mga hakbang nang maseguro ang pantay-pantay na pag-access sa mga serbisyong kritikal

Lahat ng mga negosyo ay dapat magimplementa ng lahat ng naangkop na mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagapaliwanag kung bakit ang hakbang na hindi naimplementa ay di naangkop.

Pangalan ng Negosyo: _____

Direksyon ng Pasilidad: _____

A. MGA PATAKARAN SA LUGAR NG TRABAHO AT MGA PAGSASAGAWA PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK LAHAT NG ANGKOP SA PASILIDAD):

- □ Lahat ng maaaring gawin ang kanilang trabaho mula sa kanilang bahay ay nasabihan na gawin ito.
- □ Mga staff na bulnerable (ang may edad na 65 o mahigit, mga mayroong kondisyon ng kalusugan) ay binigyan ng trabaho na maaari nilang gawin mula sa bahay kung posible.
- □ Lahat ng empleyado ay sinabihan na huwag ng pumasok kapag may sakit at sundin ang mga patnubay ng Opisyal ng Kalusugan sa Long Beach para sa self-isolation, kung kailan naaangkop. Mga patakaran ng bakasyon o leave ay pinag-aaralan at binago nang masegurado na ang mga empleyado ay hindi maparusahan kapag manatili sa bahay dahil sa karamadaman.
- □ Mga trabahador ay binigyan ng impormasyon tungkol sa mga isnisponsor na benepisyo ng bakasyon mula sa gobyerno o employer na nakalaan sa kanilang ng maging madali para sa kanila na kumite habang sila ay nasa bahay. Tignan ang karagdagang impormasyon sa ma programa ng gobyerno sa sumosuporta sa mga sick leave at mga worker's compensation para sa COVID-19, kasama na ang karapatan ng empleyado para sa sick leave sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act at ng mga karapatan ng empleyado para sa benepisyo ng worker's compensation at ang pagpapalagay ng ma kaugnay sa trabaho na exposure mula sa COVID-19 na nangyari simula Marso 19 hanggang Hulyo 5 alinsunod sa Governor's Executive Order N-62-20.
- □ Mga pamamaraan ng trabaho ay isinaayos sa pinakaposibleng paraan para mapadami ang pagkakataon ng mga empleyado na makapgtrabaho mula sa bahay.
- □ Kapag napag-alaman na isa o mahigit pa na mga empleyado ay nag positive o may mga sintomas na tulad ng COVID-19 (kaso), ang employer ay mya plano or protocol na isinalugar para makapag-isolate ang kaso sa kanilang bahay at mangailangan ng madaliang pagself-quaratine ng mga empleyado na nagkaroon ng exposure sa may kaso. Ang plano ng employer ay dapat isipin ang protocol para sa lahat mga naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng access o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga karagdagang mga exposure na baka mangailangan ng karagdang hakbang sa pagkontrola ng COVID-19.
- □ Mga screenings ng mga empleyado ay gagawin bago pumasok ang mga empleyado sa trabahuhan. Kasama sa pagcheck in ang pagtingin kung may ubo, maikling paghinga, hirap huminga lagnat at chills o panginginginig at kung am empleyado ay may nalapitan na kilalang nahawa ng COVID-19 sa loob ng huling 14 na araw. Ang mga pagcheck ay maaring gawin malayo sa lugar o sa personal sa pagdating ng mga empleyado. Ang pagcheck ng temeperature ay maaari din gawin sa lugar ng trabaho kung ito ay magagawa.
- □ Kung sasasakaling 3 o mahigit pa ang natukoy sa loob ng trabahuhan sa bilang na 14 na araw, dapat ireport ng employer ang kumpol na ito sa Long Beach Department of Health and Human Services sa 562-570-INFO.
- □ Mga empleyado na may kontak sa iba ay aalukin ng libre at angkop na pantakip sa mukha na sakop ang ilong at bibig. Ang takip ay suot ng empleyado sa lahat ng oras habang na sa trabaho maliban kung nagtratrabaho sa sasakyan, opisina o mag-isa sa isang kwarto. Mg empleyado na may instruksyon galing sa kanilang medical provider na silay ay hindi dapat magsuot ng takipsa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo, para ito ay sumusunod sa mga direktibo ng Estado, habang ito ay pinapayagan ng kanilang kondisyon. Ang drape na hapit sa ilalim ng baba ay ang nirerekomenda. Mga maskara na may one-way valve ay di dapat gamitin.
- □ Pagcheck ng sintomas na isinasagawa bago dumating ang mga empleyado sa lugar ng trabaho. Kasama sa pagcheck ang pagsabi sa pagcheck-in kung may ubo, maikling paghinga o lagnat at iba pang sintomas na nararanasan ng empleyado.
- □ Inutusan ang mga mga empleyadong hugasan ang pantakip sa mukha arawaraw.
- □ Lahat ng workstation ay may agwat na di kukulang sa anim na talamapakan.

- □ Lugar ng distribusyon (para sa pagpickup sa bangketa), break rooms, banyo at iba pang mga pangkarawaniwang lugar ay palaging dinidisinfect, sa sumusunod na iskedyul:

- ○ Lugar ng Distribusyon_____
- ○ Break rooms _____
- ○ Banyo _____
- ○ Iba _____

□ Ang mga break ay di sabay sabay na maseguro ang anim (6) na talamapakan na agwat sa bawat empleyado ay mapanatili sa nakatakdang break room/ pahingahan sa lahat ng panahon.

□ Ang mga empleyado ay pinagbabawal na kumain o uminom kahit saan sa loob ng lugar ng trabaho maliban na lang sa mga takdang break rooms / pahingahan.

□ Disinfectant at mga ka-uring supplies ay handa para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lugar o mga lugar:

- ○ Tipo ng sanitizer na gamit
- ○ Konsentrasyon
- ○ Paraan ng pagtest

□ Hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 ay handa para sa mga empleyado sa sumusunod na lokasyon mga lokasyon:

□ Ang mga empleyado ay kinakailangan at binibigyan ng sapat na oras para maghugas ng kamay bawat 30 minutos, o kung kailan kailangan, kapag binigyan ng gwantes o kung magpapalit ng gawain para maiwasan ang paghalo ng kontaminasyon.

□ Kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi sa bawat empleyado.

□ Lahat ng patakaran na isinalarawan sa checklist na ito ay ayon sa mga takda ng empleyo at ipinasasatupad sa mga tauhan ng delivery at iba pang mga taga ikatlong partidong kompanya na nasa looban.

□ Magbigay ng mga resources na maitaguyod ang personal na kalinisan ng mga empleyado. Kasama dito ang mga tissue, no-touch na mga basurahan, sabon, sapat na oras sa paghugas ng mga kamay, hand sanitizer na may alcohol, disinfectant, at mga disposable na twalya.

□ Baguhin ang mga miting, kung kinakailanga, nang masegurado ang physical distancing at ang paggamit ng mas maliit na mga pasilidad para mapanatili ang mga gabay ng physical distancing.

B. MGA HAKBANG PARA MASEGURO ANG PHYSICAL DISTANCING

□ Ang bialng ng katao sa panloob na pasilidad ay sapat na mababa nang matiyak ang physical distancing na 6 talamapakan o mahigit pa.
Ang pinakamaraming bilang nga tao sa pasilidad ay limitado sa:_____

□ I-momonitor ng establisimyento ang lahat ng pasukan para masubaybayan ang occupancy. Kung saan man posilbe, maglaan ng malinaw at nag-iisang pasukan at labasan para makatulong sa pagpanatili ng physical distancing.

□ Mag-pasatupad ng isang sistema nang pag-monitor ng occupancy. Maging handa sa pagpapapila ng mga kostomer sa labas habang nagpapanatili ng physical distancing, kasama ang paggamit ng mga senyas na biswal. Kung kinakailangan, ang isang empleyado (o mga empleyado kung may hihigit pa sa isang pasukan) na may suot na pantakip sa mukha ay maaaring nakapwesto sa may pasukan ngunit may layo na di kukulang sa 6 talampakan mula sa pinakamalapit na kostomer nang masubaybayan ang

occupancy at nang ma-direkta ang mga kostomer na pumila nang may 6 talampakan na distansya sa isa't isa, kasama ang mga paggamit ng biswal na senyas sa labas ng pasukan kung ang naabot ang limit ng establisimyento.

- □ Lagyan ng tape o iba pang marka para sa mga kostomer na dadating para sa picku-up at 6 talampakan na pagitan para sa mga padating na kostomer na pipila.
- □ Mga empleyado ay inutusan na magpanatili ng di kukulang na anim na talampakan na distansya mula sa kostomer. Maaaring lumapit ang kostomer kung kinakailangan para tumganggap ng bayad, pagdeliver ng pagkain o kung anuman ang kinakailangan.
- □ Mga estasyon ng mga empleyado ay nakahiwalay na may 6 talamapakan na agwat at mga karaniwang lugar ay inayos nang malimita ang pagtitipon para maseguro ang physical distancing na anim na talampakan.
- □ Ang Grocery na may kainan ay maaring buksan ang lugar ng kainan basta may physical distance anim na talamapakan bawat mesa.
- □ Lahat ng mesa ay may agwat na anim na talampakan, o kung di maaring iurong, lagyan ng harang o partisyon na aabot hanggang ulo ng kostomer habang nakaupo.
- □ Ipamalita ang delivery at pagpickup sa banketa.
- □ Huwag magpaupo ng kostomer sa loob ng 6 talampakan mula sa mga estasyon ng empleyado, preparasyon ng pagkain at inumin at mga lugar ng storage.
- □ Maglagay ng mga harang at partisyon kung nasaan ang host, register, at iba pang lugar kung saan mahirap gawin ang physical distancing na anim na talampakan.
- □ Dagdagan ang mga serbisyo ng pickup at delivery para sa mga kostomer para makatulong sa pagbawas ng kontak sa loob ng tindahan at mapanatili ang social distancing, tulad ng mga pag-order sa online o ang pag-pickup sa curb o banketa.
- □ Magukol ng mga lagayan kung saan nagpapalitan ng mga material, tulad ng mga estante o mga bulletin boards, para mabawasan ang personal na pagpasa ng mga bagay kung posible. Kung saan man posible, gumamit ng mga pirmahaang walang kontak para sa mga delivery.
- □ Palawakin ang mga oras ng mga pagdeliver sa tindahan para mahati-hati ang mga pag-delivery nang maiwasan ang pagsiksikan.

C. MGA HAKBANG PARA MASEGURO ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- □ Sistema ng HVAC ay na sa mabuting kondisyon; at nasa pinakamalakas na kakayahan, lakasan ang bentilasyon.
- □ Bayarang walang kontak ay iniligay, kung hindi pwede, linisin ng madalas ang sistema ng pagbayad. Isalarawan:
- □ Mga karaniwang lugar at madalas hawakang mga bagay sa lugar ng kostomer pickup at bayaran (hal. mesa, doorknob, hawakan, reader ng credit card) ay dinidisinfect oras oras gamit ang aprobadong disinfectant ng EPA.
- □ Sundin ng mabuti ang instruksyon ng manufacturer sa <u>pagsasanitize</u> ng patungan ng pagkain.
    - □ Tipo ng Sanitizer
    - □ Konsentrasyon
    - □ Paraan ng pagtest

- □ Kailangan suot ang pantakip sa mukha at gwantes at/o ang madalas na paghugas ng kamay para sa mga empleyadong may interaksyon sa kostomer, pagprepara ng pagkain at pagdeliver ng pagkain.
- □ Linisin at idisininfect ang mga madalas hipuin na mga ibabaw sa bawat paggamit ng kostomer.
- □ Isanitize ang mga shopping cart at mga hawakan ng basket- sa pamamagitan ng wipes na nakahanda para sa mga kostomer o mga empleyado na nasasanitize sa bawat paggamit.
- □ Seguraduhin na may sapat na tauhan na maayos na lilinisin ang mga shopping carts sa bawat paggamit.
- □ nsure sufficient staffing to properly clean the facilities and shopping carts between use.
- □ Ang mga kostomer ay may instruksyon na dapat magsuot ng telang pantakip sa mukha habang nasa pasilidad pwera na lamang pag nakaupo para kumain. Mga telang pantakip sa mukha ay hindi dapat ipasuot sa mga batang mas bata sa 2 taon, sinumang may kondisyong medikal, kondisyon ng pangkalusugang mental, o kapansana na makakapagpigil sa kanila na magsuot ng takip sa mukha, o anumang paraan na hindi matanggal ang mask o takip na walang tulong.
- □ Itigil ang lahat na self-service na pagkain (hal. salad, sopas, bulk bin na pagkain).
- □ Tanggalin lahat ng mga self-service tulad ng mga bote ng condiments, kubyertos, asin at paminta, mga inumin. Mga inumin at single serve na pakete ay maibibigay ng mga empleyado sa mga kostomer.
- □ Self-service na mga makina tulad ng pangsoda o yogurt ay ididispense ng empleyado at lililinisin ng madalas.
- □ Mga balot na kubyertos at napkin bago gamitin ng kostomer ay nakatago sa isang malinis na lalagyan.
- □ Mga ilang-gamitan na kubyertos at plato ay dapat hawakan ng may gwantes at hugasan ng sabon at mainit na tubig (100°F o di baba.) hugasan at isanitize o ilagay sa maayos na de makinang dishwasher. Dapat maghugas ng mga kamay ang mga empleyado pagkatanggal ng gwantes o pagkahawak ng maduming mga plato.
- □ Magbigay ng hand sanitizer sa kostomer sa may pasukan ng pasilidad at mga mesa at sa iba pang angkop na lugar.
- □ Kung maaari, maglagay ng mga hands-free device tulad ng dispenser ng sabon at twalya.
- □ Magbigay ng serbisyong walang kontak para sa pickup at delivery.
- □ Lahat ng bayaran, bolpen, at stylus ay dinidisinfect pagktapos gamitin.
- □ Banyo para sa kostomer ay palaging dinidisinfect.
- □ Isara ang bar.

D. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- □ Ang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng pasukang pambuliko ng pasilidad.
- □ Kailangan gumawa ng mgakatwirang mga hakbang, kasama ang mga anunsyong pampubliko, pagpaskil ng karatula sa mga madiskarteng at madaling makitang lokasyon, at sa mga kompirmasyon ng rerserbasyon, para maipalala sa publiko na dapat silang gumamit ng takip sa mukha kung hindi kumakain o umiinom (maliban kung payagan), magsagawa ng physical distancing, huwag hawakan ang mukha, dalasan ang paghugas ng mga kamay gamit ng tubig sabon ng may tagal n 20 segundo, at gumamit ng hand sanitizer.
- □ Karatula sa pasukan o kung saan naka linya ang mga kostomer na nagaabiso sa mga kostomer ng mga opsyon sa paunang pagorder at pagbayad.
- □ Mga outlet sa online ng mga establesimyento (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na ipormasyon hinggil sa horas, paggamit ng pantakip sa mukha, patakaran sa pagorder, paunang pagbayad,

pickup at/ o delivery at iba pang mahalang impormasyon.

E. MGA HAKBANG NA NAGTITIYAK NG PANTAY-PANTAY NA AKSESO SA MG SERBISYONG KRITIKAL

- □ Mga hakbang nay itinatag para matiyak ang akseso sa mga bagaybagay at serbisyo para sa mga kostomer na may limitasyon ang paggalaw at/o mga nasa mataas na panganib sa espasyong pampubliko.
- □ Bumuo ng mga protokol para maitatag ang mga oras ng operasyon ng mas mabuting masilbihan ang mga populasyong bulnerable at maseguro ang sapat na oras ng pagrestock ng tindahan.

F. MGA HAKBANG PARA MAITIYAK ANG KALIGTASAN NG PAGKAIN AT MGA KARAGDAGANG RESOURCES.

- □ Pag-aralan ang City of Long Beach Food Safety Manual
- □ Departmento ng Public Health ng California at Cal/OSHA Dine-In Guidance
- □ Centers for Disease Control Food Safety and Coronavirus Disease 2019

Ano pa mang mga karagdagang mga hakbang na hindi naisali dito ay dapat ilista sa hiwalay ng mga pahina at ilakip sa dokumentong ito.

Maaari niyong kontakin ang sumusunod na tao sa anumang tanong o komento tungkol sa protokol na ito.

Kontak Sa Negosyo: _____ **Telepono:** _____

Petsa ng huling Pagbabago: _____

PARA I-REPORT NG PAGLABAG
TUMAWAG: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV